TC: 2508-518

Republic of the Philippines
# Department of Education
REGION I
SCHOOLS DIVISION OF VIGAN CITY

**PANDIBISYONG MEMORANDUM**
Blg.: 536, s. 2025

**Para sa mga:** Pansangay na Tagapamanihala ng mga Paaralan

## PANSANGAY NA PAGDIRIWANG NG BUWAN NG KASAYSAYAN AT IKA-58 ANIBERSARYO NG PAGKAKATATAG NG ASEAN

1. Alinsunod sa Panrehiyong Memorandum Blg. 1020, s. 2025, na inilabas bilang tugon sa Proklamasyon Blg. 339 at DepEd Memorandum Blg. 72, s. 2019, na nagdedeklara sa buwan ng Agosto bilang Buwan ng Kasaysayan at Buwan ng ASEAN.

2. Ang layunin nito ay bigyang-diin ang mga mahahalagang kaganapan at mga panandang pangkasaysayan ng Pilipinas at itaguyod ang mas malawak na kaalaman, pang-unawa, at pagpapahalaga sa pagkakakilanlang Pilipino at ASEAN.

3. Ang tema ng pagdiriwang ng Buwan ng Kasaysayan ngayong taon ay *"Diwa ng Kasaysayan, Kabilin sa Kabataan,"* habang ang tema para sa ika-58 Anibersaryo ng ASEAN ay *"Pagkakapantay-pantay at Pagpapanatili: Pagtutulungan para sa Matatag na Kinabukasan ng ASEAN (Inclusivity and Sustainability)".*

4. Hinikayat ang lahat ng mga pampubliko at pampribadong paaralan na isama ang mga lokal at pambansang makasaysayang kaganapan sa kanilang pang-araw-araw na talakayan sa mga asignaturang Makabansa, Araling Panlipunan, at Social Science Allied subjects.

5. Inirerekomenda ang pagsasagawa ng sumusunod na kaugnay na gawain:

   a. Panonood at pagbabahagi ng pagninilay sa KKK-R1 Bidyo-Bayani.
   b. Paglalapat ng mga pangunahing kaisipan tungkol sa ASEAN gamit ang mga KKK-R1 multimedia na binuo ng bawat SDO ng Rehiyong- Uno tungkol sa ASEAN Integration.
   c. Muling pagbisita at paglinang sa kani-kanilang inakdang Dokyu-Histosites sa pamamagitan ng pagdagdag ng mas napapanahong impormasyon. Ang mga detalye ay makikita sa Enclosure 1: Itinalagang KKK-R1 Dokyu Histosites ng bawat SDO-AP Team.

6. Ma-aaccess ang mga bidyo sa sumusunod na link:

   a. https://tinyurl.com/KKKR1Bidyobayani
   b. https://tinyurl.com/KKK-SDOViganDokyuhistosites
   c. https://tinyurl.com/KKK-SDOViganASEANIntegration

7. Ang Tagamasid ng Araling Panlipuanan, mga Punongguro, Ulong-guro, at mga Tagapag-ugnay ng Araling Panlipunan ng paaralan ay inaasahang makikipag-ugnayan sa pagpaplano ng mga nabanggit na gawain at tiyaking masusunod ang patakaran ng **"Walang Maaantalang Klase".**

8. Kalakip ng memorandum na ito ang panrehiyong memorandum blg. 1020, s. 2025 bilang sanggunian.

8. Para sa agarang pagsunod at malawakang pagpapabatid.

**VILMA D. EDA, CESO V**
Schools Division Superintendent

Kalakip: *Itinalagang KKK-R1 Dokyu Histosites kada SDO-AP Team*
Sanggunian: PR Memorandum Blg. 1020, s. 2025, Proklamasyon Blg. 339, at DepEd Memo. Blg. 72, s. 2019
Maitatala sa Perpetual Index:
Sa ilalim ng sumusunod na paksa

ARALING PANLIPUNAN BASIC EDUCATION PAGDIRIWANG KASAYSAYAN AT KULTURA

SCHOOLS DIVISION OFFICE
DEPED VIGAN CITY
08 AUG 2025
RELEASED
BY:

**Address**: Mena Crisologo St. corner Rivero St., Brgy. IX, Vigan City, Ilocos Sur
**Telephone No**: (077) 722-20-23 / (077) 632-05-33
**Email Address**: vigan.city@deped.gov.ph
**Website**: www.depedvigancity.com
*Your Feedback is important to us. Visit this link* **bit.ly/SDOViganCityCSM**

SCHOOLS DIVISION OFFICE
DEPED VIGAN CITY
05 AUG 2025
RECEIVED
BY:

2508-518

Republic of the Philippines
Department of Education
REGION I

DEPARTMENT OF EDUCATION
RECORDS SECTION REGIONAL OFFICE NO. 1
RECEIVED
019912
DATE: AUG 05 2025

**PAN-REHIYONG MEMORANDUM**
Blg.: 1020 s.2025

**Para sa mga**: Punong Tagapamanihala ng mga Paaralan

## PAKIKIISA SA PAGDIRIWANG NG BUWAN NG KASAYSAYAN NG BANSA AT IKA-58 ANIBERSARYO NG PAGKAKATATAG NG ASEAN PARA SA BUWAN NG AGOSTO

1. Alinsunod sa Proklamasyon Blg. 339 at sa DepEd Memorandum Blg. 72, s. 2019, idineklara ang buwan ng Agosto bilang Buwan ng Kasaysayan at Buwan ng ASEAN upang bigyang-diin ang mga mahahalagang kaganapan at mga panandang pangkasaysayan ng Pilipinas kasabay ng pagsusulong ng mas malawak na kaalaman, pang-unawa, at pagpapahalaga sa pagkakakilanlang Pilipino at ASEAN.

2. Ang tema ng pagdiriwang ng Buwan ng Kasaysayan ngayong taon ay *"Diwa ng Kasaysayan, Kabilin sa Kabataan"* habang ang selebrasyon para sa ika-58 Anibersaryo ng pagkakatatag ng ASEAN ay may temang *"Pagkakapantay-pantay at Pagpapanatili:Pagtutulungan para sa Matatag na Kinabukasan ng ASEAN (Inclusivity and Sustainability.)"*

3. Kaugnay nito, hinihikayat ng Kagawaran ng Edukasyon - Rehiyon I, sa pamamagitan ng Tanggapan ng Sangay ng Kurikulum at Pagkatuto (Implementation Division) , ang lahat ng mga paaralan na isama ang mga lokal at pambansang makasaysayang kaganapan sa pang-araw-araw na talakayan sa mga asignaturang Makabansa at Araling Panlipunan sa lahat ng pampubliko at pribadong paaralan.

4. Gayundin, inirerekomenda ang pagsasagawa ng sumusunod na kaugnay na aktibidad:

A. Pagsusuot ng kasuotang Filipiniana tuwing Lunes sa panahon ng pagtitipon (para sa mga guro at kawani);
B. Pagtatalaga ng isang araw para sa pagsusuot ng kasuotan mula sa alinmang bansang miyembro ng ASEAN;
C. Panonood at pagbabahagi ng pagninilay sa KKK-RI Bidyo-Bayani;
D. Paglalapat ng mga pangunahing kaisipan tungkol sa ASEAN gamit ang mga KKK-RI multimedia na binuo ng SDO tungkol sa ASEAN Integration;
E. Muling pagbisita at paglinang sa kani-kanilang inakdang *Dokyu-Histosites* sa pamamagitan ng pagdagdag ng mas napapanahong impormasyon. Ang detalye ay makikita sa *Enclosure 1: Itinalagang KKK-RI Dokyu HistoSites kada SDO-AP Team.*

5. Ang lahat ng mga Tagamasid ng Araling Panlipunan, mga Punong guro, at mga Tagapag-ugnay ng AP ng paaralan ay inaasahang makikipag-ugnayan sa pagpaplano ng mga nabanggit na aktibidad at tiyaking masusunod ang patakaran ng "Walang Pagkaantala sa Klase."

6. Para sa mga tanong o paglilinaw ukol sa gawaing ito, makipag-ugnayan sa Tanggapan ng Sangay ng Pangangasiwa ng Kurikulum at Pagkatuto (CLMD) sa (072) 682-2324 lokal 120 o kay *Editha T. Giron, Education Program Supervisor* at naatasang kinatawan ng programa, sa (072) 607-8137 lokal 121.

7. Para sa agarang pagsunod at malawakang pagpapabatid.

**TOLENTINO G. AQUINO**
Director IV

Kalakip: *Itinalagang KKK-RI Dokyu HistoSites kada SDO-AP Team*
Sanggunian: Proklamasyon Blg. 339 at sa Memorandum ng DepEd Blg. 72, s. 2019
Maitatala sa Perpetual Index:
Sa ilalim ng sumusunod na paksa
KOMEMORASYON ARALING PANLIPUNAN ASEAN INTEGRATION

CLMD/etg/RM_Pakikiisa_Pagdiriwang ng BuwanNgKasaysayan_ika-58 Anibersaryo ng Pagkakatatag ng ASEAN
August 4, 2025

Documan 2
DepEd RO1 LRMDS250407